Republic of the Philippines
Province of Laguna
MUNICIPALITY OF LOS BAÑOS
Special Science and Nature City
OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
Municipal Hall, National Highway, Brgy. Timugan,
Los Baños, Laguna 4030 Philippines
Email: losbaños@laguna.net

SINIPI MULA SA KATITIKAN NG IKASAMPU (10) NA PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NA GINANAP NOONG SETYEMBRE 13, 2019 SA SANGGUNIANG BAYAN SESSION HALL, NATIONAL HIGHWAY, BRGY. TIMUGAN, LOS BAÑOS, LAGUNA.

Present : Bise Alkalde Antonio L. Kalaw, Tagapangulo
Konsehala Josephine S. Evangelista
Konsehal Janos S. Lapiz
Konsehal Geronimo A. Ciceron
Konsehal Marlo PJ A. Alipon
Konsehal Dexter A. Concio
Konsehal Mark Lester B. Dizon
Konsehal Cris Dayril B. Bagnes
Konsehala Arlene P. delos Santos, Liga President
Konsehala Jozylyn N. Manansala, SK Fed. President
Kalihim Dona T. Alborida
Bb. Jellyn S. De Una, LLSA II

Absent : Konsehal Miko C. Pelegrina (O.B.)

Visitor(s) : N o n e

KAUTUSAN BLG. 2019-1871

KAUTUSANG PAMBAYAN NA PAGSUSUSOG, PAGBABAGO AT PAGDARAGDAG SA TITULO AT ILANG MGA TADHANA NG KAUTUSAN BLG. 2013-1240, "KAUTUSANG BAGONG NAGTATAKDA NG PAGDARAOS NG KASALANG BAYAN TUWING BUWAN NG DISYEMBRE AT PEBRERO NG KADA TAON AT NAGLALAAN NG KAUKULANG PONDO DITO MULA NGAYONG 2013."

May Akda : Konsehala Josephine Sumangil-Evangelista

ITINAKDA NG SANGGUNIANG BAYAN NG LOS BANOS, LAGUNA, NA NAG-AATAS, NA:

SEKSIYON 1. **TITULO** – Kautusang Pambayan na pagsususog, pagbabago at pagdaragdag sa titulo at ilang mga tadhana ng Kautusan Blg. 2013-1240, "Kautusang bagong nagtatakda ng pagdaraos ng Kasalang Bayan tuwing buwan ng Disyembre at Pebrero ng kada taon at naglalaan ng kaukulang pondo dito mula ngayong 2013."

PINAC TIBAY'
SANGGUNIANG PANLALAWIGAN
TAPASIYAHAN BLG. 535 T. 2020
PETSA July 1, 2020

2.00 Kautusan Blg. 2019-1871 09/13/19

SEKSIYON 2. Titulo ng Kautusan Blg. 2013-1240

"Kautusang bagong nagtatakda ng pagdaraos ng Kasalang Bayan tuwing buwan ng Disyembre at Pebrero ng kada taon at naglalaan ng kaukulang pondo dito mula ngayong 2013."

Ay babasahin ngayon bilang:

"Kautusang Pambayan na naglilipat ng pagtatakda ng pagdaraos ng Kasalang Bayan tuwing buwan ng Disyembre at Pebrero sa tuwing buwan ng Hunyo ng kada taon at naglalaan ng kaukulang pondo para dito."

SEKSIYON 3. Ang mga susog, pagbabago o pagdaragdag sa iba't-ibang tadhana ng Kautusang Bayan Blg. 2013-1240 ay nangasaad sa ibaba:

SEKSIYON 1. Ang kautusang ito ay bagong pagtatakda ng Kasalang Bayan tuwing buwan ng Disyembre at Pebrero kada taon.

Ay babasahin ngayon bilang:

Ang kautusang ito ay nagtatakda ng pagdaraos ng Kasalang Bayan tuwing buwan ng Hunyo ng kada taon.

SEKSIYON 3. IBA PANG MGA KAILANGAN:

a. Katunayan o sertipiko mula sa Punong Barangay ng paninirahan at pagpapatunay nito na isang mahirap (indigent).

b. Katunayan o sertipiko mula sa namumuno ng local na DSWD na siya ay isang mahirap (Indigent).

Ay babasahin ngayon bilang:

a. Katunayan o sertipiko mula sa Punong Barangay:

a.1. Paninirahan at Pagpapatunay nito na isang mahirap (Indigent)

a.2. Para sa edad 30 pataas, pagsasama sa iisang tirahan na hindi bababa ng limang (5) taon (Living Together).

b. Katunayan o sertipiko mula sa namumuno ng local na DSWD na siya ay isang mahirap (Indigent).

Ang karagdagan sa Sekyon 3 ay ang mga sumusunod:

c. Kung ang ikakasal ay may edad 18-21, kinakailangang kumuha ng pahintulot ng kahit isang magulang ng bawat isa (Parental Consent).

PINAL NA BASA
SANGGUNIANG PANLALAWIGAN
KAPASIYAHAN BLG. 335-7. 2020
PETSA July 1, 2020

d. Kung ang ikakasal ay may edad 22-24, kinakailangang kumuha ng pagpapayo mula sa parehong mga magulang (Parental Advice).

SEKSIYON 4. **SUGNAY NA MAGPAPAWALANG BISA (REPEALING CLAUSE)** – Lahat ng mga kapasyahan, kautusan, alituntunin, patakaran o bahagi nito na taliwas sa mga probisyon ng kautusang ito ay mapapawalang bisa o babaguhin ng alinsunod dito.

SEKSIYON 5. **PAGKAKABISA** – Ang kautusang ito ay ipapatupad sa sandaling mapagtibay.

IPINAGTIBAY : SETYEMBRE 13, 2019

PINATUTUNAYAN KO ang kawastuan ng Kautusang ito.

DONA T. ALBORIDA
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATOTOHANAN:

KGG. ANTONIO L. KALAW
Bise Alkalde/Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. CAESAR P. PEREZ
Punumbayan

PINAGTIBAY
SANGGUNIANG PANLALAWIGAN
KAPASIYAHAN BLG. 631 T. 2020
PETSA July 1, 2020